# *Magkakaagapay na Pagbabago sa Pinagtibay na Plano sa ESSA ng Washington*

| ESSA ng Washington Pinagtibay na Plano<br><br>Enero 12, 2018 (Kasalukuyan) | Panukalang Pagbabago<br><br>Pebrero 3, 2020 |
|---|---|
| **A.4 Mga Aktibidad sa Sistema ng Pananagutan at Suporta at Pagpapahusay sa Paaralan sa Buong Estado** | |
| **iv. Mga Tagapagpahiwatig (ESEA seksyon 1111(c)(4)(B))**<br><br>d. Tagapagpahiwatig ng Pag-unlad sa Pagkamit ng Kasanayan sa Wikang Ingles (English Language Proficiency, ELP). Ilarawan ang tagapagpahiwatig ng Pag-unlad sa Pagkamit ng ELP, kabilang ang kahulugan ng ELP ng Estado, ayon sa pagsukat ng pagtatasa ng ELP ng Estado. | Ang binagong kahulugan ng pagsukat sa pag-unlad ng mag-aaral ng Ingles ay mas pleksible sa pagkilala ng pag-unlad at mas malapit sa pagtuturo sa silid-aralan kaysa naunang modelo. Ang inirekomendang sukatan ng pag-unlad ay batay sa kabuuang mga antas na nakamit sa apat na mga larangan (pagbabasa, pagsusulat, pakikinig, at pagsasalita), ang antas ng mag-aaral, at ang pagtaas ng bilang ng mga antas na kinakailangan para umalis sa mga serbisyo ng bilingguwal. |

| | |
|---|---|
| **viii. Patuloy na Suporta sa Paaralan at Pagpapahusay ng LEA (ESEA seksyon 1111(d)(3)(A))**<br><br>c. Mas Mahigpit na Pakikialam. Ilarawan ang mas mahihigpit na pakikialam na kinakailangan para sa mga paaralang natukoy para sa komprehensibong suporta at pagpapabuti na nabigong tugunan ng palabas ng pamantayan ng Estado sa loob ng tinukoy ng Estado ng bilang ng taon na katugon ng seksyon 1111(d)(3)(A)(i)(I) ng Batas sa Edukasyong Pang-elementasya at Pangsekondarya (Elementary and Secondary Education Act, ESEA).<br><br>d. Pagsusuri sa Alokasyon ng Mapagkukunan. Ilarawan kung paano pana-panahong masusuri ng Estado ang alokasyon ng pinagkukunan para suportahan ang pagpapabuti ng paaralan sa bawat Ahensya ng Lokal na Edukasyon (Local Education Agency, LEA) sa Estado na nagsisilbi sa makabuluhang bilang o | Higit pang linawin ang pagbabago ng Washington mula sa pagsubaybay sa pagsunod tungo sa pagbibigay ng baitang-baitang na suporta para makakuha sistematikong resulta.<br><br>Bigyang-daan ang paglilipat ng pokus ng Ahensya ng Edukasyon sa Estado (State Education Agency, SEA) sa pagtataguyod ng sistematikong kapasidad sa pamamagitan ng mga suportang Baitang III ng Washington.<br><br>Ipakita ang pokus ng Washington sa nilalayong tuloy-tuloy na plano sa pagpapahusay ng paaralan na maaaring suportahan ng datos ng estado at lokal at sistematikong pagpapatupad. |

| | |
|---|---|
| bahagdan ng mga paaralang natukoy para sa komprehensibo o naka-target na suporta at pagpapahusay.<br><br>e. Teknikal na Tulong. Ilarawan ang teknikal na tulong na ibibigay ng Estado sa bawat LEA sa Estado na nagsisilbi sa napakaraming bilang o bahagdan ng mga paaralan na natukoy para sa komprehensibo o naka-target na suporta at pagpapahusay. | |
| **D. Pamagat II, Bahagi A: Pagsuporta sa Epektibong Pagtuturo** | |
| **D.2 Paggamit ng Pondo sa Pagpapahusay sa Pantay-pantay na Access sa mga Guro sa Pamagat I, Bahagi A ng mga Paaralan (ESEA seksyon 2101(d)(2)(E))**<br><br>Kung pinaplanong gamitin ng SEA ang pondo sa Pamagat II, Bahagi A para paghusayin ang pantay-pantay na access sa mga epektibong guro, alinsunod sa ESEA seksyon 1111(g)(1)(B), ilarawan kung paano gagamitin ang nasabing pondo para sa layuning ito. | Tinutukoy ang mga aktibidad sa antas ng estado na popondohan sa pamamagitan ng Pamagat II; Bahagi A. Sa unang pagbanggit ng plano sa Batas sa Pagtatagumpay ng Bawat Mag-aaral (Every Student Succeeds Act, ESSA), may wikang naglalarawan sa mga angkop na paggamit ng mga pondo para sa mga aktibidad na ito. Inililista ng pagbabago na ito ang mga pinondohang aktibidad kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga Palihan ng Tagapagturo para sa Bridge hanggang Kolehiyo (Bridge to College), mga pondo para suportahan ang mga punongguro at kanilang pagkatuto, at mga bayarin sa lisensya para sa propesyunal na modyul sa pagkatuto ng Kakayahang Pangkultura (Cultural Competency). |

| | |
|---|---|
| **D.4.A. Pagsusuri at Sistema ng Suporta**<br><br>Kung pinaplanong gamitin ng SEA at mga LEA nito ang pondo sa ilalim ng isa o higit pa sa mga kasamang programa para sa layuning ito, ilarawan kung paano makikipagtulungan ang SEA sa mga LEA sa Estado para bumuo o magpatupad ng pagbibigay ng ebalwasyon at mga sistema ng suporta sa guro, punongguro, o iba pang pinuno ng paaralan sa Estado o lokal na alinsunod sa seksyon 2101(c)(4)(B)(ii) ng ESEA. | Nagdagdag ng talahanayan na may kahulugan ng mga Epektibong Tagapagturo. Ipakikita ng talahanayang ito na sinumang tagapagturo na makakuha ng antas 1 sa kanilang ebalwasyon ay ituturing na<br>'Hindi Epektibo.' Ang isang tagapagturo na may higit sa tatlong taong karanasan at makakuha ng antas 2 sa kanilang ebalwasyon ay ituturing na 'Hindi Epektibo.' Ang isang tagapagturo na makakuha ng antas 2 sa kanilang ebalwasyon at wala pang mahigit sa tatlong taong karanasan ay ituturing na 'Nagiging Epektibo.' Sinumang tagapagturo na makakuha ng antas 3 o antas 4 sa kanilang ebalwasyon ay itinuturing na 'Epektibo.' Ang mga kahulugang ito ay inilaan para makita sa unang plano ng ESSA, ngunit hindi sinasadyang natanggal bago ang pagsusumite. Hindi ipinapakita ng talahanayang ito ang pagbabago sa patakaran o sa pagsasagawa. |